

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabaysatamangpag-unawasaPhilHealth Circular	
	Circular No.	2023- 0024
	Title	Accreditation of Health Care Professionals (HCPs) (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot
1. Ano ang mga naging rebisyon sa PhilHealth Circular (PC) No. 2022-0029 na nakapaloob sa PC No. 2023-0024?	Ang mga naging rebisyon ay ang mga sumusunod: 1. Pinalawig ang mga saklaw na Health Care Professionals (HCPs). 2. Nilinaw ang validity ng accreditation ayon sa isinumiteng PRC license. 3. Nilinaw ang tungkol sa PhilHealth premium contribution ng mga HCPs.
2. Maaari bang mabigyan ng accreditation validity ang isang HCPProf nang higit sa tatlong (3) taon?	Oo. Ang accreditation validity ay naaayon sa isinumiteng PRC License validity.
3. Maaari pa bang mag-apply ng PhilHealth accreditation kung ang PRC License ay dalawang (2) buwan na lang bago mag-expire?	Oo, ngunit kailangang magsumite ng proof of renewal ng PRC License ang HCPProf kasabay ng iba pang accreditation requirements. Pinapayuhan ang mga HCPs na mag-renew ng PRC License bago magpa-accredit saPhilHealth.
4. Kailangan pa bang magsumite ng proof of PhilHealth premium contribution?	Hindi, ngunit kung ito ay available maaari ring isumite para sa mas mabilis na transaksyon para maberipika ang kontribusyon sakaling may system issue sa PhilHealth.
5. Saan makikita ang listahan ng mga opisina ng PhilHealth kung saan maaring magsumite ng aplikasyon para sa accreditation?	Maaaring tingnan sa website o sundan ang link na ito: https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm
6. Kinakailangan bang magsumite ng orihinal na kopya ng Certificate of Good Standing (CGS) mula sa Philippine Medical Association, local, o specialty societies?	Hindi. Ang orihinal na kopya ay gagamitin lang para ma-validate ang photocopy o electronic copy ng ipapasang CGS ng HCPProf.
7. Maaari bang maproseso ang application for accreditation na isinumite sa pamamagitan ng email?	Oo, ngunit kailangan maisumite ang original o hardcopy ng application documents sa PhilHealth Office sa loob ng tatlumpong (30) araw para maproseso ang PhilHealth accreditation.
8. Mayroon bang karagdagang dokumentong kailangan isumite ang Foreign Health Professionals na mag-a-apply ng PhilHealth accreditation?	Wala. Ang kumpletong listahan ng requirements ay nakasaad sa Annex A ng Circular na ito.